

Chapter One



Ang intro ng kantang ‘*Kashmir*’ ng classic rock band na *Led Zeppelin* ang gumising sa malalim na tulog ni Frederique Nakpil.

Dahil masakit ang katawan at nanghihina pa ang mga kalamnan, patamad niyang inabot ang cellphone sa side table. Nakapikit na sinagot niya ang tawag.

“Hello,” aniya.

“Good morning, Sweetheart.”

Naiinis na binuksan ni Rikki ang isang mata para silipin ang relo sa sidetable. “Andrew, alas seis pa lang. Mamaya na tayo mag-usap, antok na antok pa ’ko,” aniyang muling pumikit.

Kung alam lang nitong halos dalawang oras pa lang mula noong makatulog siya sa wakas, hindi siya nito iistorbohin ngayon. Maaaring nakakapikon ang pag-arte nitong tila overprotective na boyfriend kahit hindi naman niya ito sinagot, pero tunay ang concern nito para sa kanya.

“I’m right here at your building, s’abi ng guwardya kagabi ka pa raw umalis? Nas’an ka na?” tanong nito na lalong ikinainit ng ulo niya. Para itong tatay niya kung makapag-usisa at siya pa naman iyong tipong maraming daddy issues.

“Nandito na ako sa San Narciso. Andrew, please mamaya na tayo mag-usap.” Napahawak siya sa sentido nang maramdaman ang sakit ng ulo.

Bukas pa ang nakatakda nilang first shooting day ng music video ng binatang isa sa pinakasikat na balladeer sa kasalukuyan, pero mamayang hapon ay dadalawin nila ang school na pinanggalingan ng children's choir na kasali sa video.

“Eh, bakit umalis ka agad nang di ako kasama?” malakas na anang lalaki na parang hindi narinig ang sinabi niya. “Di ba ang usapan natin, sabay tayong luluwas?”

Kumunot ang noo ni Rikki sa tono ng kausap. “First and foremost, hindi natin ’yan usapan. *Ikaw* ang nag-decide ng ganyan at kung naalala mo, hindi ako pumayag. Second, may importante akong inasikaso dito kaya nauna na ako. Third, wala akong obligasyon sa ’yo na sabihin ang mga plano ko. Ngayon, puwede na ba akong matulog?” mataray na aniya.

Matagal natahimik ang lalaki at mahina na ang boses nang magsalita. “I’m sorry. Masama yata’ng gising mo. Sige, I’ll see you later na lang.”

Muli niyang naihilamos ang kamay sa mukha nang ibaba na nito ang kabilang linya. Siya na ang ginising nang wala sa oras, siya ang binabakuran kahit walang karapatan, siya pa rin ang na-guilty. Ayos ah.

Tatawagan na lang niya ito mayamaya para mag-sorry.

Hindi sadyang masungit si Rikki. Sa normal na sitwasyon, kaya niyang pakitunguhan nang maayos si Andrew kahit minsan ay medyo naiinis siya sa mga inaakto nito. Hindi lang talaga niya nagustuhan ang tono ng binata na para bang obligasyon niyang sumunod dito, gayung hindi niya ito nobyo.

Matapos silang magkakilala sa isang birthday party, nanligaw ito sa kanya, pero dahil alam niyang likas na palikero ang sikat na singer at wala rin siyang maramdamang pagtingin dito, binasted niya ang lalaki. Kaso hindi pala ito tumatanggap ng 'hindi.' Ang masama pa, ang intindi yata nito sa 'no' niya ay 'yes.' Nagkaroon tuloy siya bigla ng self-appointed clingy faux-boyfriend.

Pinaikot ni Rikki ang mga mata. Ayaw na ayaw pa naman niyang minamanduhan siya. Pinapaalala niyon ang tatay niyang parang kung sinong self-righteous na hari kung magsalita, iyon pala ay—

Umiling siya para putulin ang tinutumbok ng kanyang isipan.

Anyway, magkaibigan naman sila ni Drew at malaki ang utang na loob niya rito dahil ito ang nag-suggest sa recording company nito para siya ang maging video director ng awiting iyon. First time pa naman niyang mag-direct ng isang music video, at para sa isang sikat na singer pa!

Noon pa mang playwright pa lang siya noong college, pangarap na niyang maging director. Nang maka-graduate, ang isang higitang television network talaga ang tinarget niyang mapasukan at masuwerte namang na-hire siya roon. Ilang taon siyang naging script writer, bago naging assistant director. Ngayon, heto, may unang directorial job na siya. Iyon nga lang, hindi pa man sila nagsisimulang magkatrabaho, naiirita na siya sa binatang singer.

Pero isa lang iyon sa mga dahilan ng stress ni Rikki.

Ang isa pang rason kung bakit maiksi ang kanyang pasensya nang umagang iyon ay dahil masakit talaga ang

katawan niya at gusto pa niyang magpahinga. Ang huling dahilan ay aakuin niyang kasalanan niya. Oh, well, hindi naman buong-buong siya lang ang may kasalanan. She would give at least one-fourth of the blame to the crazy, sexy, and stormy night, another one-fourth to the sweet and definitely hot man she met last night, and the last one-fourth to that some sort of connection she felt with him.

Nag-init ang mga pisngi ng dalaga pagkaalala sa ginawa niya nang nakaraang gabi. Inabot ni Rikki ang isang unang katabi, idiniin sa mukha at saka itinili ang frustration niya.

Ano ba ang sumapi sa kanya nang nakaraang gabi at nagawa niyang ibigay ang sarili sa isang lalaking ni hindi nga niya nakuha ang buong pangalan?



I am staggered by your beauty

Your unassuming grace

And I feel my heart is turning

Falling into place

I can't hide what I feel

Here's my confession....

“Kuya,” narinig ni Jaime Ferrando IV na tawag ng isang maliit na boses. Iyon ang gumising sa kanya mula sa saglit na pagkakatulala habang nakikinig ng musika ni Josh Groban.

Lumuhod siya sa sahig at niyuko si Bea, isa sa beinte-unong miyembro ng children's choir na kino-conduct niya, ang *Himig Kabataan*. Kagaya ng mga kasama nito, nasa eight hanggang ten years old ang edad ng paslit.

Hininaan niya ang volume ng music player.

“Yes?” nakangiting untag niya rito.

Binigyan niya ng fifteen-minute break ang grupo kaya nasa labas ng maliit na music room ang karamihan sa mga bata. May isang grupong naiwan sa isang sulok at magkasamang kumakain ang mga ito ng baong sandwiches.

“In love ka po ba?” parang matandang tanong ng bata. Napaka-cute nito sa suot na puting shirt, pink jumper at pink ding headband.

Gustong mamilog ng mga mata ni Jaime, pero pinigilan niya iyon. Sa halip, kinunotan niya ng noo ang kausap, bagaman hindi nabura ang ngiti niya. “Bakit mo naman naitanong? I mean mukha ba akong in love? How does a man in love look like anyway?” biro pa niya.

Lumabi ito. “Palagi ka po kasing natutulala. Parang di mo po naririnig ’yung sinasabi namin.”

Natigilan siya roon. Bakit ba nalimutan niyang kahit mga bata pa ang mga kasama, malalakas din ang pakiramdam ng mga ito, lalo pa at may dalawang taon na silang magkakasama?

Pero hindi ‘love’ ang dawit sa pinag-iisipan niya kanina; kung ‘lust’ pa siguro, baka puwede pa. Pero masyadong mahaba at komplikado ang istorya para maintindihan ng isang eight-year-old.

“Palagi naman akong in love. In love ako sa music, sa trabaho, sa inyo,” sinabi lang ni Jaime. Kung nagkataong malaking tao ito, tiyak na pagtatawanan siya sa kakornihan ng sagot niya. Mabuti na lang at bata pa si Bea.

“Hindi po ’yun.” Tumulis ang nguso ng kaharap. “Wala ka po bang girlfriend? Siya po ba ang iniisip mo?”

Kumalat sa buong silid ang malakas niyang tawa. Affectionate na ginulo niya ang buhok nito. “Kung may irereto ka, welcome naman. Tumatanggap ako ng applications.”

“Po?” nalitong anito na muli niyang ikinatawa.

“Ang ibig kong sabihin, wala pa. And I think masyado ka pang bata para mag-isip ng ganyang girlfriend-girlfriend.” Tumayo na siya at inakay si Bea patungo sa grupo ng kumakain. “Five minutes and we’ll resume. Iisang pasada natin ’yung ‘*Grace and Love*,’” aniya sa mga ito.

Muli siyang inatake ng magkasamang kaba at excitement.

Ang nabanggit na awitin ay komposisyon ng kanyang matalik na kaibigan at co-founder ng school na iyon na si Jordan Domingo, at carrier single ng latest album ng isa sa pinakasikat na balladeers sa bansa. Ang mga estudyante nila ang nag-back up vocals doon at ngayong linggo nga ay naka-schedule ang shooting ng music video niyon, kasama ang kanyang mga ‘anak.’ Sa katunayan, may isu-shoot na bahagi ng video sa mismong silid na kinaroroonan nila sa kasalukuyan, bukod pa sa isang parte sa beach doon at isa pa sa kilalang tourist spot sa kabilang barangay. Minabuti ng record producer na hindi na sila lumayo ng location para nga naman hindi mahirapan ang mga bata, at, sa pakikipagtulungan sa gobernador nila, promotion na rin iyon ng turismo sa San Narciso.

“Dadating po ba talaga si Kuya Drew bukas?” tanong ni Wendy na ang tinutukoy ay ang sikat na singer.

“Puwede po kayang magpa-autograph sa kanya?”

untag ng isa pa, kasunod ng iba pang mga pang-uusisa.

“S’abi n’ung kausap ko, oo raw. Kailangan niyang sumama papunta rito,” ani Jaime sa kung pang-ilang beses na yata.

Nagpalakpakan ang mga ito at naghiyawan. Hiwalay kasing ni-record ang parte ng mga bata noong isinaplaka ang awitin kung kaya hindi nila nakilala si Drew Houston. At dahil marami sa mga ito ay fan ng lalaki, hindi magkamayaw ang makukulit.

Nakakahawa ang excitement ng mga estudyante niya kaya nagpadala si Jaime roon. Mas mabuti nang maging masaya para sa mga bata kaysa pag-isipan ang mga nangyari nang nakaraang gabi at ang babaeng—

Pinalakpak niya ang mga kamay para putulin ang tinatakbo ng isip. “Okay, let’s go! Let’s go! Tapusin na ang pagkain at mag-resume na tayo.”

Ilang minuto matapos, nakapuwesto na siya sa harap ng kanyang piano at ng mga batang nakaposisyon na. Sa muwestra niya, nagsimula ang mga itong kantahin ang *Grace and Love*. Kumakanta rin siya kasabay ng tugtog.

Dating accountant ang nanay niya, ang tatay naman niya ay mekaniko na naging matagumpay na businessman. Napakalayo ng pinili niyang karera pero suportado siya ng mga magulang kahit ganoon. Ang sinabi pa ng ama, bagay na bagay sa kanya ang kanyang trabaho dahil passion niya ang musika noon pa man, at mapagpasensya siya sa mga bata.

Five pa lang daw si Jaime ay nagpakita na siya ng hilig sa musika. Kung kaya ini-enrol siya noon ng ina sa music school. Matapos maka-graduate sa Conservatory, minabuti nila ng tatlo pa niyang mga kaibigan na itayo

ang eskuwelahang ito. Dalawa sa mga ito ang kasama niyang nagtuturo roon; ang isa ay siyang string orchestra conductor at ang isa ay vocal coach.

At sa tulong ng papadating na sikat na bisita nila at ng music video na iso-shoot nila, siguradong makikilala na ang choir nila, dadayuhin at dadami ang mga mag-enrol sa school. Who knows, baka magkaroon na sila ng sapat na pondo para bilhin ang bakanteng loteng katabi nila para makapagpa-extend na sila, gaya ng matagal na nilang plano.

Hindi na niya mapigilan ang excitement. Gayunpaman, pasingit-singit pa rin sa alaala ni Jaime ang babaeng nakilala niya nang nakaraang gabi...

“Excuse me, Sir,” tawag ni Mang Roger, ang kanilang guwardya, mula sa nakaawang na pinto ng music room.

Napahinto siya sa pagtugtog at sinenyasan ang mga bata.

“Ano po ’yun?” tanong niya sa may-edad na lalaki.

“May naghahanap po sa inyo.”

Bago pa siya may masabi, napatuon na ang tingin niya sa katabi ng guwardya.

“Hi, Jaime!” magiliw na bati sa kanya ni Lena, ang manager ng sikat na singer na si Drew Houston.

“Lena! You’re lookin’ good.”

“Lalo ka na!” Iminuwestra siya nito. “You’re oozing with charm, talent, and just the right amount of testosterone to make women admire and lust after you, at the same time.”

Natawa siya at pinag-initan ng pisngi sa kaprangkahan nito. “Ikaw talaga, binola mo na naman ako. Thank you though.” Isang dekada at kalahati ang

tanda ng babae sa kanya pero in-insist nitong huwag niyang po-poin.

“Hay naku. Wala ka pa ring bilib sa talent kong makakita ng future star at first sight. Anyway, I still think mas bagay sa ’yong maging sikat na singer/model kaysa maging choral conductor,” hirit pa ni Lena.

“I’m not wired for that. But thank you so much for the kind words. Sina Drew pala?” pag-iiba niya ng usapan. Nako-conscious pa rin siya’t nagba-blush kapag pinupuri siya ng manager ng sikat na manganganta.

“Kasunod na namin sila—oh, he’s here na pala eh,” sambit nitong napangiti sa lalaking pababa ng van.

“Hi, Jimmy Boy!” magiliw na bati ng sikat na singer sa kanya.

“Hello, Drew.” Hindi niya mapigilang mapangiti. He still couldn’t believe na ganito kabait sa kanya ang lalaki na para bang close na sila kahit pangatlong beses pa lang nilang pagkikita. Mahigpit siya nitong kinamayan saka tinapik sa likod.

“Pogi natin ah,” puri nito.

Lalong lumawak ang ngiti niya. “Pinilit mo kasing isali ako sa video mo.”

Natawa ang lalaki. “Oh. Tita, kasama ko na nga pala si Rikki.”

Nalipat ang atensyon ni Jaime sa babaeng palapit na kabababa lang sa van. Kumunot ang noo niya at kumabog ang dibdib nang mapagmasdan ito.

“Hi, Tita!” bati nito sa manager saka ito binigyan ng beso.

“Hello! Paganda ka nang paganda ah,” sagot ng nakakatandang babae saka siya tinuro. “Rikki, this is

Jaime Ferrando, 'yung choral arranger. Jaime, ito ang ating director, si Rikki Nakpil.”

Lumingon ito sa kanya at kitang-kita niya kung paano nabura ang ngiti nito at namilog ang mga mata.

It was her. Iyong babaeng kasama niya nang nakaraang gabi at ang walang anumang umiwan sa kanya sa inn bago pa man siya nagising kaninang umaga....

